

- Pasalamatang ang Diyos para sa katulad na kapangyarihan, mensahe, at misyon na ginagawa natin kasama Niya, sa pagsama Niya sa atin hanggang sa dulo ng mundo, at sa pagbigay sa atin ng kakayahan upang maging saksi Niya.
- Ipanalangin na ikaw ay maging mabisang tagapagpahayag ng ebanghelyo, at na makita Siya sa bawat bahagi ng buhay mo. Manampalataya na bibigyan ka ng Diyos ng mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo.
- Pasalamatang ang Diyos para sa ating mga misyonero sa iba't ibang bansa na naglilingkod para sa kapakanan ng ebanghelyo. Mangakong manalangin para sa paglago at pagtatag ng iglesia sa isang bansa ngayong linggo.

## NOTES

---



---



---



---



---



---

## ALL ACCESS

## Isang Pandaigdigang Ani

## WARM-UP

- Ilarawan ang karaniwan mong ginagawa pagkagising mo sa umaga. Paano ka naghahanda sa bawat araw?
- Anong wika ang gusto mong matutunan at magamit sa pananalita nang may kahusayan? Bakit mo ito gusto?
- Sabihin ang isang hindi malilimutang aral na naibahagi sa iyo. Bakit mo ito hindi malilimutan?

## WORD

<sup>3</sup>Pagkatapos, may nakita silang mga ningas ng apoy na parang mga dila na kumalat at dumapo sa bawat isa sa kanila. <sup>4</sup>Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nakapagsalita ng iba't ibang wika na hindi nila natutunan. Ang Banal na Espiritu ang siyang nagbigay sa kanila ng kakayahang makapagsalita nang ganoon.

**MGA GAWA 2:3,4**

Nang dumating ang Banal na Espiritu sa mga disipulo sa Pentecostes, ang bawat isa sa kanila ay napuspusan ng Espiritu at sila ay nakapagsalita sa iba't ibang mga wika. Ang pagkakawatak-watak na nangyari dulot nang hindi pagsunod ng tao sa utos na mangalat sa mundo sa Genesis 11 ay kabaligtaran ng nangyari sa Mga Gawa 2 nang dumating ang Banal na Espiritu at nagbigay sa mga disipulo ng kakaibang kakayahan na makapagsalita sa iba't ibang wika. Ngayon, titignan natin kung paano binibigay ng Banal na Espiritu ang katulad na kapangyarihan, misyon, at mensahe, sa kasalukuyan.

## 1 Magkatulad na Kapangyarihan

<sup>16</sup>“Ang pangyayaring ito’y katuparan ng ipinahayag ni propeta Joel noon: <sup>17</sup>“Sinabi ng Diyos, “Sa mga huling araw, ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng uri ng tao. . . .”” **MGA GAWA 2:16,17**

Ang Banal na Espiritu, na Siyang nagbigay kalakasan sa mga disipulo upang buong tapang na ipangaral ang ebanghelyo, ang nagbibigay din sa atin ng kakayahan upang tulungan ang iba’t ibang lahi upang maging mga disipulo ni Jesus. Tayo ay tinawag upang ipahayag ang mga bagay tungkol kay Jesus (Mga Gawa 1:8) saan man tayo naroon ngayon at kung saan man tayo tutungo. Balikan ang isang pagkakataon kung saan binigyan ka ng kakayahan ng Banal na Espiritu upang maipangaral ang ebanghelyo. Ano ang nangyari?

---

---

## 2 Magkatulad na Mensahe

Sumagot si Pedro sa kanila, “Magsisi ang bawat isa sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, at mapapatawad ang inyong mga kasalanan at matatanggap ninyo ang regalo ng Diyos na walang iba kundi ang Banal na Espiritu.” **MGA GAWA 2:38**

Ang ebanghelyo ay para sa lahat ng tao sa lahat ng kultura sa bawat bansa sa lahat ng panahon. Gumagamit tayo ng iba’t ibang pamamaraan upang makisalamuha sa ating komunidad at maibahagi ang ginawa ni Jesus para sa atin—ang kawalan Niya ng kasalanan, walang kamaliang kamatayan, at makapangyarihang muling-pagkabuhay. Sino ang nagbahagi sa iyo ng ebanghelyo at paano mo isinuko ang buhay mo kay Cristo?

---

---

## 3 Magkatulad na Misyon

“Sapagkat ang Banal na Espiritung ito ay ipinangako para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng taong nasa malayo—sa lahat ng tatawagin ng Panginoon nating Diyos na magsisilapit sa kanya.” **MGA GAWA 2:39**

(Basahin din ang **MATEO 28:19,20**.)

Ang Dakilang Utos—ang *puntahan ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod* ni Jesus (Mateo 28:19)—ay hindi lamang ibinigay sa mga apostol, kundi maging sa atin, sa katulad na kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Dahil sa ang pakay ng Diyos ay ang palaganapin ang mga lahi at pamahalaan ito, (Genesis 1:28), hindi tayo dapat huminto sa pangangaral ng parehong mensahe ng ebanghelyo hangga’t ang lahat sa mundo ay makakilala at maniwala sa Kanya. Ano ang ipinangako ni Jesus sa atin sa pakikilahok natin sa misyong ito? (Mateo 28:20)

---

---

## APPLICATION

- Ano ang ebanghelyo at paano nito binago ang buhay mo? Naniniwala ka ba na kapag ikaw ay nagsisi at naniwala kay Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas, magkakaroon ka rin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu?
- Pangalanan ang tatlong taong kilala mo na kailangang marinig ang ebanghelyo. Paano mo sila matutulungang lumapit kay Cristo ngayong alam mo nang binigyan ka ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu?
- Paano mo magagawang sadyain ang pagbabahagi ng mabuting balita ng kaligtasan sa pamilya, kaibigan, kamag-aral, at katrabaho mo?